Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Si Hesus, ang Dakilang Guro

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: Byron Unger at Lazarus

Ibinagay nila: E. Frischbutter at Sarah S.

Isinalin ni: Christine Cornejo

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2011 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si Hesus
ay isang dakilang guro
- ang pinakamahusay
magpakailanman.

Ang mga tao ay
nakinig sa Kanya.


Sinabi
ni Hesus sa kanila
na maging maawain,
mabuti at mabait.

Tayo ay
maaaring kamuhian
at saktan ng mga tao,
ngunit ang Diyos ang
mangagalaga sa atin.

Maraming mga aral na binigay si Hesus.

Sinabi Niya na ang Diyos ang ilaw ng sanlibutan, tulad ng kandila sa isang bahay.

Ano ang laki ng nagagawa ng kandila sa isang madilim na silid!

Ang mga tao noon ay naniniwala sa paghihiganti, “Mata sa mata at ngipin sa ngipin.”

Ngunit tinuro ni Hesus ang kabutihan, kapatawaran, at pag-ibig, kahit sa mga kaaway.

Noong panahon ni Hesus, may mga ilang tao na nagkukunwari na banal.

Kapag sila ay
nagbibigay ng
limos sa pulubi, …

... sila ay nagpapaingay
ng trumpeta
para malaman ng
tao ang kanilang
pagbibigay.

Ngunit sabi ni Hesus,
"Gawin mong lihim ang
iyong pagbibigay at
ang iyong Ama na
nakakakita ng ...

… kabutihang
ginagawa mo ng lihim
ang Siyang magbibigay
ng gantimpala
sa iyo.”

Ganito rin ang turo ni Hesus tungkol sa pagdadasal. Kapag nananalangin, huwag tumulad sa mga mapagkunwari.

Sila ay nananalangin na nakatayo sa mga templo at sa mga daan upang makita ng mga tao.

Mas iniisip nila ang sasabihin ng mga tao, kaysa sa Diyos.



Madalas gamitin ni Hesus ang kalikasan upang ipaliwanag ang Kanyang mga turo. Halimbawa ay ang mga ibon.

Sinabi ni Hesus “Pinapakain ang mga ibon ng inyong Ama na nasa langit.

Hindi ba't higit kayong
mahalaga kaysa mga ibon?
Kaya't bibiyayaan din kayo ng
inyong Ama."

“Kahit si Solomon na napakayaman ay hindi nakapagdamit ng singganda ng isang bulaklak,” sabi ni Hesus.

“Kung dinaramtan ng Diyos ang damo sa parang, kayo pa kaya?”

Tinuturo ni Hesus ang pagtitiwala sa Diyos, na Siyang magkakaloob ng lahat ng ating pangangailangan.

“Huwag kayong humatol.

Bakit mo pinapansin ang puwing sa mata ng iyong kapatid, ngunit hindi mo pinapansin ang trosong nasa iyong mata?" ang sabi ni Hesus.

Marahil ay natawa
ang mga tao.
Ngunit sila
ay napaisip
sa sinabi
ni Hesus.


Sinabi ni Hesus na kapag ang tao ay humingi sa Diyos, siya ay bibigyan. Bibigyan ba ninyo ng bato ang inyong anak kapag siya'y humihingi ng tinapay? Hindi.


Kung ang tao ay marunong
magbigay ng mabubuting
bagay sa kanyang
mga anak, gaano
pa kaya ang
inyong Ama
na nasa
langit?

Si Hesus, ang dakilang guro, ay nagbigay din ng babala tungkol sa mga maling guro. "Ang damit nila ay parang mga tupa," sinabi ni Hesus.

“Pero sa loob, sila ay mga lobo!”
Ang mga maling guro ay
makikilala sa pamamagitan
ng kanilang pamumuhay.

Sa isang kwento, sinabi ni Hesus na ang bawat taong nakikinig at nagsasagawa ng Salita ng Diyos
ay maitutulad sa ...

... isang taong matalino na nagtayo
ng kanyang bahay
sa pundasyon
na bato.


Umulan at bumaha, ngunit
hindi nagiba ang
bahay sapagkat
nakatayo iyon
sa bato.

May isang mangmang na nagtayo ng kanyang bahay sa buhangin.



Nang bumaha at bumugso ang tubig sa bahay na iyon, kaagad itong bumagsak sapagkat mahina ang pundasyon. Ganito ang mga taong hindi sumusunod sa Salita ng Diyos.

Namangha ang mga tao sa mga salita ni Hesus. Sila ay hindi kailanman nakarinig ng mga bagay tulad nito.

Ngayon, naintindihan ng mga tao na hindi sapat ang makinig lang sa Salita ng Diyos, dahil higit sa lahat ay kailangan sundin ito sa bawat araw.

Si Hesus, ang Dakilang Guro

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mateo 5-7, Lucas 6

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16